

PATAKARAN NG MONTARA WATER AND SANITARY DISTRICT SA PAGPUTOL NG SERBISYO SA RESIDENSYAL NA TUBIG

Sanggunian

Senate Bill No. 998: Pagputol ng Serbisyo sa Residensyal na Tubig, Code ng Kalusugan at Kaligtasan Seksyon 116900 *et seq.*

1. Layunin

Ginawa ang patakarang ito para sumunod sa Senate Bill 998, na kilala bilang “Water Shutoff Protection Act” (Batas sa Pagprotekta mula sa Pagputol ng Tubig) at inaprubahan ng Gobernador noong Setyembre 28, 2018 (Code ng California sa Kalusugan at Kaligtasan Mga Seksyon 116900, *et seq.*). Dapat maging available sa website ng Distrito ang Patakarang ito. Puwedeng makipag-ugnayan sa Distrito sa pamamagitan ng telepono sa (650) 728-3545 para talakayin ang mga opsyon para pigilan ang pagputol ng serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga tuntunin ng patakarang ito.

2. Mga Nalathalang Wika

Ang patakarang ito at ang mga nakasulat na abiso na kailangan sa patakarang ito ay dapat maging available at dapat malathala sa Ingles, sa mga wikang nakalista sa Seksyon 1632 ng Civil Code, na kinabibilangan ng Espanyol, Chinese, Tagalog, Vietnamese, at Korean, at anumang iba pang wika na ginagamit ng hindi bababa sa 10 porsyento ng mga taong nasa lugar na sineserbisyuhan ng tubig ng Distrito.

3. Mga Kinakailangan Bago ang Pagputol ng Serbisyo sa Residensyal na Tubig

- A. Hindi puwedeng putulin ng Distrito ang serbisyo sa residensyal na tubig dahil sa hindi pagbabayad hangga't hindi nagiging delingkwente ang isang customer sa loob ng hindi bababa sa animnapung (60) araw. Sa loob ng hindi bababa sa pitong (7) araw na may pasok bago ang pagputol ng serbisyo sa residensyal na tubig dahil sa hindi pagbabayad, dapat makipag-ugnayan ang Distrito sa customer na nakapangalan sa account sa pamamagitan ng telepono o sulat.
- B. Kapag nakipag-ugnayan ang Distrito sa customer na nakapangalan sa account sa pamamagitan ng telepono alinsunod sa subparagraph (A), dapat ialok ng staff sa customer ang nakasulat na patakarang ito. Dapat alukin ng staff ng Distrito ang pagtalakay sa mga opsyon para maiwasan ang pagputol ng serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga alternatibong schedule ng pagbabayad,

PATAKARAN NG MONTARA WATER AND SANITARY DISTRICT SA PAGPUTOL NG SERBISYO SA RESIDENSYAL NA TUBIG

mga ipinagpaliban (deferred) na pagbabayad, mga minimum na pagbabayad, mga hakbang sa paghiling ng amortization ng hindi bayad na balanse, at petisyon para suriin at iapela ang bill.

- C. Kapag nakipag-ugnayan ang Distrito sa customer na nakapangalan sa account na nakasulat sa notice alinsunod sa subparagraph (A), dapat ipadala ang nakasulat na abiso ng pagiging delingkwente ng bayad at napipintong pagputol sa customer sa kanilang address sa record sa pamamagitan ng mail. Kung ang address ng customer ay hindi ang address ng property kung saan ibinibigay ang serbisyo sa residensyal na tubig, dapat ding ipadala ang abiso sa address ng property kung saan ipinagkakaloob ang serbisyo sa residensyal na tubig, na naka-address sa "Occupant." Kasama dapat sa abiso ang, pero hindi limitado sa, mga sumusunod na impormasyon sa paraang malinaw at nababasa:
- (i) Ang pangalan at address ng customer.
 - (ii) Kung magkano ang delingkwenteng halaga.
 - (iii) Ang petsa kung kailan kailangang magbayad o makipag-ayos para sa pagbabayad para maiwasan ang pagkaputol ng serbisyo sa residensyal na tubig, na dapat ay 60 araw mula sa petsa kung kailan naging delingkwente ang bill maliban kung papalawigin ito ayon sa sariling paghuhusga ng General Manager.
 - (iv) Paglalarawan ng proseso ng pag-apply para sa pagpapalawig ng panahon ng pagbabayad sa mga delingkwenteng singil.
 - (v) Paglalarawan ng proseso ng petisyon para suriin at i-apela ang bill.
 - (vi) Paglalarawan ng proseso kung saan puwedeng humiling ang customer ng ipinagpaliban, binawasan, o alternatibong schedule ng pagbabayad, kabilang ang amortization ng mga delingkwenteng singil sa serbisyo sa residensyal na tubig.
 - (vii) Numero ng telepono ng Distrito at isang web link sa nakasulat na patakaran ng Distrito.

PATAKARAN NG MONTARA WATER AND SANITARY DISTRICT SA PAGPUTOL NG SERBISYO SA RESIDENSYAL NA TUBIG

4. Mga Kinakailangan sa Pag-abiso nang May Mabuting Hangarin

- A. Kung hindi makontak ng Distrito ang customer o ang isang nasa hustong gulang na nakatira sa bahay sa pamamagitan ng telepono, at ibinabalik sa mail bilang hindi maihatid (undeliverable) ang nakasulat na abiso, dapat magsagawa ng hakbang ang District nang may mabuting hangarin sa pamamagitan ng pagbisita sa bahay at pag-iwan ng abiso, o kaya ay paglalagay ng abiso sa isang kapansin-pansing lugar, tungkol sa napipintong pagputol ng serbisyo sa residensyal na tubig dahil sa hindi pagbabayad at ang patakaran ng Distrito para sa pagputol ng serbisyo sa residensyal na tubig dahil sa hindi pagbabayad.
- B. Kung gustong ipasuri o iapela ng customer ang kanyang bill, dapat makipag-ugnayan ang customer sa Distrito bago ang takdang petsa ng pagbabayad at magsisiyasat ang Distrito. Kung hindi magresulta ang imbestigasyon sa isang resolusyong katanggap-tanggap sa customer, puwedeng humiling ang customer ng pagsusuri ng General Manager at pagkatapos ay puwede siyang umapela sa Board. Magbibigay ang Distrito ng nakasulat na abiso ng oras at lugar ng apela sa loob ng hindi bababa sa pitong (7) araw bago ang Board meeting. Pinal na ang desisyon ng Board. Hindi puwedeng putulin ng Distrito ang serbisyo sa residensyal na tubig habang nakabinbin ang apela.

5. Pagbabawal ng Pagputol ng Serbisyo sa Residensyal na Tubig

- A. Hindi puwedeng putulin ng Distrito ang serbisyo sa residensyal na tubig dahil sa hindi pagbabayad kung matutugunan ang lahat ng sumusunod na kondisyon:
 - (i) Ang customer, o ang isang tenant ng customer, ay nagsumite sa Distrito ng sertipikasyon ng tagapagbigay ng serbisyo sa pangunahing pangangalaga (primary care provider), ayon sa depinasyon sa subparagraph (A) ng paragraph (1) ng subdivision (b) ng Section 14088 ng Welfare and Institutions Code, na ang pagputol ng serbisyo sa residensyal na tubig ay magiging nakamamatay, o magdudulot ng malubhang panganib sa kalusugan at kaligtasan, ng residente sa lugar kung saan ibinibigay ang serbisyo sa residensyal na tubig.
 - (ii) Ipinapakita ng customer na wala siyang kakayahang pinansyal para bayaran ang serbisyo sa residensyal na tubig sa

PATAKARAN NG MONTARA WATER AND SANITARY DISTRICT SA PAGPUTOL NG SERBISYO SA RESIDENSYAL NA TUBIG

loob ng karaniwang billing cycle ng Distrito. Maituturing ang customer na walang kakayahang pinansyal para bayaran ang serbisyo sa residensyal na tubig sa loob ng karaniwang billing cycle ng Distrito kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ng customer ay kasalukuyang recipient ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o kung idineklara ng customer na ang taunang kita ng sambahayan ay wala pang 200 porsyento ng pederal na antas ng kahirapan.

(iii) Handa ang customer na pumasok sa isang kasunduan sa amortization, alternatibong schedule sa pagbabayad, o isang plano para sa ipinagpaliban o binawasang pagbabayad ng lahat ng delingkwenteng singil.

B. Kung matutugunan ang lahat kondisyong nakalista sa itaas, dapat ialok ng Distrito sa customer ang isa o higit pa sa mga sumusunod na opsyon:

(i) Amortization ng hindi bayad na balanse.

(ii) Pagsunod sa isang alternatibong schedule sa pagbabayad.

(iii) Partial o ganap na bawas sa hindi bayad na balanse na pipinansyahan nang walang dagdag na singil sa iba pang ratepayer.

(iv) Pansamantalang pagpapaliban sa pagbabayad.

C. Awtorisado ang General Manager na tukuyin kung aling mga opsyon sa pagbabayad na inilarawan sa paragraph 6.B ang gagawin ng customer at puwede niyang itakda ang mga pamantayan ng naturang opsyon sa pagbabayad, hangga't ang pagbabayad ng anumang natitirang hindi pa nababayaranang balanse ay magaganap sa loob ng 12 buwan, at puwede lang aprubahan ng General Manager ang isang partial o ganap na bawas sa hindi bayad na balanse kung ang naturang bawas ay kayang pondohan ng mga kita sa property tax na naaprubahan ng Board of Directors ng Distrito at hayagan itong nailipat sa badyet sa Pondo ng Tubig para magawa ito.

PATAKARAN NG MONTARA WATER AND SANITARY DISTRICT SA PAGPUTOL NG SERBISYO SA RESIDENSYAL NA TUBIG

D. Puwedeng putulin ang serbisyo sa residensyal na tubig nang hindi bababa sa limang (5) araw na may pasok pagkatapos ipaskil ng Distrito ang isang pinal na abiso ng intensyong putulin ang serbisyo sa isang kitang-kita at kapansin-pansing lokasyon ng property sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod na sitwasyon:

(i) Hindi nakasunod ang customer sa isang kasunduan sa amortization, alternatibong schedule sa pagbabayad, o plano sa ipinagpaliban o binawasang pagbabayad ng mga delingkwenteng singil sa loob ng 60 araw o higit pa.

(ii) Habang napapailalim sa isang kasunduan sa amortization, alternatibong schedule sa pagbabayad, o plano sa ipinagpaliban o binawasang pagbabayad ng mga delingkwenteng singil, hindi binayaran ng customer ang kanyang mga singil sa serbisyo sa residensyal na tubig sa loob ng 60 araw o higit pa.

6. Pagbabalik ng Serbisyo sa Tubig

A. Kung puputulin ng Distrito ang serbisyo sa residensyal na tubig dahil sa hindi pagbabayad, dapat nitong bigyan ang customer ng impormasyon kung paano maibabalik ang serbisyo sa residensyal na tubig. Para sa isang residensyal na customer na napatunayan sa Distrito na ang kita ng kanyang sambahayan ay wala pang 200 porsyento ng pederal na antas ng kahirapan, dapat gawin ng Distrito ang pareho sa mga sumusunod:

(i) Magtakda ng bayad sa muling pagkakabit ng serbisyo sa mga karaniwang oras ng operasyon sa halagang hindi lalampas sa limampung dolyar (\$50), o ang aktuwal na gastos ng muling pagkakabit kung mas mababa ito. Para sa muling pagkakabit ng serbisyo sa residensyal na tubig sa mga oras na labas sa karaniwang oras ng serbisyo, dapat magtakda ang Distrito ng bayad sa muling pagkakabit ng serbisyo na hindi lalampas sa isangdaan at limampung dolyar (\$150), o ang aktuwal na gastos ng muling pagkakabit sa mga oras na labas sa karaniwang oras ng serbisyo kung mas mababa ito. Ang pinakamataas na halaga na \$50 para sa muling pagkakabit sa mga karaniwang oras ng serbisyo at \$150 sa mga oras na labas sa mga karaniwang oras ng serbisyo ay napapailalim dapat sa taunang adjustment para sa mga pagbabago sa Consumer Price Index simula Enero 1, 2021. Dapat gamitin ng Distrito ang average ng Los Angeles

PATAKARAN NG MONTARA WATER AND SANITARY DISTRICT SA PAGPUTOL NG SERBISYO SA RESIDENSYAL NA TUBIG

area at San Francisco area sa pagtukoy sa pagtaas sa Consumer Price Index.

- (ii) I-waive ang mga singil sa interes sa mga delingkwenteng bill nang isang beses kada 12 buwan.
- B. Ituturing ng Distrito ang isang residensyal na customer bilang may kita ng sambahayan na mas mababa sa 200 porsyento ng pederal na antas ng kahirapan kung ang alinmang miyembro ng sambahayan ay kasalukuyang recipient ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o kung idineklara ng customer na ang taunang kita ng sambahayan ay wala pang 200 porsyento ng pederal na antas ng kahirapan.

7. Mga Serbisyo na may kaugnayan sa Relasyon sa pagitan ng Landlord-Tenant

- A. Kung magkakaloob ang Distrito ng mga serbisyo sa residensyal na tubig na may kanya-kanyang metro sa mga residensyal na occupant ng isang detached na single-family na tirahan, isang multi-unit na residensyal na istruktura, mobile home park, o permanenteng residensyal na istruktura sa isang labor camp alinsunod sa Seksyon 17008 ng Code ng Kalusugan at Kaligtasan, at ang may-ari, manager, o operator ng tirahan, istruktura, o park ang customer na nasa record, dapat isagawa ng Distrito ang lahat ng may mabuting hangaring hakbang para ipaalam sa mga residensyal na occupant, sa pamamagitan ng sulat, na hindi nababayaran ang account at puputulin ang serbisyo sa loob ng hindi bababa sa 10 araw bago ang pagputol. Dapat ding ipaalam ng nakasulat na abiso sa mga residensyal na occupant na may karapatan silang maging mga customer, kung saan ibi-bill sa kanila ang serbisyo, nang hindi kailangang magbayad ng anumang halagang hindi nababayaran sa delingkwenteng account.
- B. Hindi gagawing available ng Distrito ang serbisyo sa mga residensyal na occupant maliban kung papayag ang bawat residensyal na occupant sa mga tuntunin at kondisyon ng serbisyo at matutugunan nila ang mga hinihingi ng batas at mga ordinansa, resolusyon, patakaran, at regulasyon ng Distrito. Gayunpaman, kung may isa o higit pang residensyal na occupant na gusto at kayang umako sa responsibilidad para sa mga susunod na singil sa account ayon sa hinihingi ng Distrito, kabilang ang mga kinakailangang posibleng kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa,

PATAKARAN NG MONTARA WATER AND SANITARY DISTRICT SA PAGPUTOL NG SERBISYO SA RESIDENSYAL NA TUBIG

pagbabayad ng \$120 na deposito at pagsagot sa aplikasyon para sa serbisyo ng Distrito para masuri ng General Manager, o ng designee, kung sapat ba para sa Distrito ang kakayahang magbayad sa website ng Distrito at sa State Water Resources Control Board.

8. Mga Kinakailangan sa Pag-uulat

Dapat taunang iulat ng Distrito ang dami ng mga pagputol ng residensyal na serbisyo dahil sa kawalan ng kakayahang magbayad sa website ng Distrito at sa State Water Resources Control Board.

9. Mga Limitasyon ng Patakarang Ito

Wala sa patakarang ito ang maghihigpit, maglilimita, o kaya ay makakaapekto sa kakayahan ng Distrito na wakasan ang serbisyo sa isang customer para sa mga dahilan maliban sa hayagang isinaad sa patakarang ito, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga hindi pinapahintulatang gawain ng customer.

10. Iba pang Aksyon para Makolekta ang Mga Delingkwenteng Singil

- A. Alinsunod sa Government Code Seksyon 61115(3)(C), puwedeng patawan ng multa ng Distrito ang isang customer dahil sa hindi pagbabayad ng mga singil sa rate na sampung porsyento (10%), at dagdag na multang isang porsyento (1%) kada buwan para sa hindi pagbabayad ng mga singil.
- B. Alinsunod sa Government Code Seksyon 61115(b), puwedeng mangolekta ang Distrito ng anumang delingkwenteng singil at multa sa tax roll sa paraang kapareho ng sa mga property tax.
- C. Alinsunod sa Government Code Seksyon 61115(c), pinapahintulutan ng Board of Directors ang General Manager o designee na magpatupad ng sertipikong nagdedeklara, sa isang form na aprubado ng abogado ng Distrito, ng halaga ng mga delingkwenteng singil at multang dapat bayaran at ang pangalan at huling alam na address ng taong dapat

PATAKARAN NG MONTARA WATER AND SANITARY DISTRICT SA PAGPUTOL NG SERBISYO SA RESIDENSYAL NA TUBIG

managot sa mga delingkwenteng singil at multa, at i-record ang nasabing sertipiko sa opisina ng San Mateo County Recorder alinsunod sa mga prosesong inilatag ng General Manager. Kasama sa mga naturang proseso ang isang probisyon kung saan ang pag-record sa sertipiko ay puwede lang mangyari pagkatapos abisuhan ang customer tungkol sa intensyon ng Distrito na gawin ito, kung saan may sampung araw na may pasok ang customer para ipaalam sa Distrito ang tungkol sa anumang intensyong iapela ang pag-record ng sertipiko sa Board of Directors, at kung mag-aapela ang customer, maire-record lang ang sertipiko kapag nakonsidera na ito ng Board of Directors at iniutos na nila ang pag-record.

11. Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa

Retroaktibong malalapat ang patakarang ito sa Pebrero 1, 2020.